

1

Atom downed a shot of Long Island iced tea, then almost slammed the tiny glass back on the table. Lumikha iyon ng ingay na nagpalingon sa ibang tao sa XYZ, isang art gallery and fusion restaurant by day, at indie music club by night. Nasa isang residential neighborhood iyon sa Cubao, at dinadayo ng mga gustong makarinig ng bago.

Atom Caceres, of ZMS TV network, executive and producer of a top-rating weekly musical show, had been criticizing a song called *Fade Into The Sky* na huling kantang inawit ng isang bandang ang pangalan ay *Highbrow Poptarts*. Magaling ang banda, kakaiba ang symphonic rock na tunog ng mga ito, ngunit hindi niya gusto ang ilan sa mga originals na tinugtog. Pinakaayaw niya iyong huli, na ayon sa lead singer ay isinulat din daw ng violinist ng mga ito, na siyang main songwriter ng grupo.

“Gumawa pa talaga ng kanta para sa isang bagay na wala naman palang pag-asa na. It was like you even glorified the fact that you’re pathetic!” wika niya bago kumuha uli ng isang shot sa tray na nasa gitna ng mesa. Kainuman niya ang dalawa niyang

kaibigang taga-ZMS din na sina Gerard at Ryder.

“You’re drunk, Pare. You’re also depressed. Bakit ba isang round pa nito ang inorder mo?” naiiling na sabi ni Ryder na kanina pa hawak ang bote ng *Smirnoff Ice*, at wala pa sa kalahati ang nababawas. Masama ang tingin nito sa tray na naglalaman ng isang round o walong shots ng nagpapanggap na iced tea.

“I’m not drunk, you bastard.” Mahinang sinuntok ito ni Atom sa braso. Pangatlong shot pa lang niya, paano siya malalasing?

“Dude, you’ve been bashing the same song over and over again since that hot violinist left the stage. Tinamaan ka lang sa lyrics, nilait mo na,” natatawang sabi ni Gerard na beer din ang hawak.

“Hot? You call that skinny girl who sang onstage hot? Jailbait pa ’yun, Bro. I didn’t know you fancy teenagers now,” naiiling niyang tugon bago uminom ng tubig. Tila kasi sinisilaban ang bituka niya sa nainom.

“She’s hot in a slightly androgynous way,” nakangiting saad ni Gerard bago sumenyas sa isang waiter na kukunin na nito ang bill nila.

“What the f*ck are you doing?” sita niya sa

kaibigan.

Kinuha ni Ryder ang tray ng mga shot glass at inutusan ang isa pang waiter na ipamigay na lang iyon. “We should go home.” Pinigil nito ang kamay niyang tangkang pipigilan ang waiter na may dala ng mga nakalalasing na iced tea niya. “Dammit, Atom! Will you quit acting like a pathetic brokenhearted teenager?”

Tiningnan niya ito nang masama. “Don’t tell me what to do na parang alam mo kung ano ang nararamdaman ko.” Hinilot niya ang sentido. “I haven’t even slept much for a month now.”

“Hindi ka pa natutulog simula nang magwala sa *Twitter* si Lauren?” gulat na tanong ni Gerard. “What, have you been stalking her?”

“She left me to pursue a freakin’ career in freakin’ Hollywood! She made that choice four months ago, pero hanggang ngayon kinakaladkad pa rin niya ang pangalan ko na parang siya ang naapi sa paghihiwalay namin? Anong kalokohan iyon? Siya ang umalis at nanahimik ako all this time. Kung gusto niyang makipagbalikan, sabihin niya nang maayos at hindi ’yong tinitira niya ako sa *Twitter*.” Napabuga siya ng hangin.

“Bro, you’re seriously drunk.” Ryder inserted two thousand pesos into the billfold the waiter handed him. “Let’s get you some fresh air. Come on.” Tinulungan siya nitong makatayo.

“Kaya ko pa.” He still had total control of his faculties. Madaldal lang siguro siya, pero sino ang hindi dudulas ang dila matapos ang ilang shot ng alak? Nagpatiuna siyang lumakad sa mga kaibigan upang ipakita sa mga ito na matino pa siya. Dere-derecho siya palabas sa parking area na katabi ng isang maliit na parke. Maraming puno at plantboxes doon and it made the cold night air smell fresh.

“Forget about Lauren and move on,” wika ni Ryder.

“Who does she think she is, anyway? She is so damn proud of her ultimate It girl title, like I can’t get another if I want to,” aniya, hindi pa rin matanggap ang pagkabigo, at ang hanggang ngayon ay ang tila pagpapamukha sa kanya ni Lauren niyon.

The latter was tagged as the country’s ‘ultimate It girl’. Maganda ito, may aktibong career bilang aktres, TV host at marami ding ineendorsong produkto. Iniidolo ito ng nakababatang mga artista, modelo at marahil ng kahit sinong gustong maging sikat. Girlfriend din niya ito nang mahigit dalawang taon

bago nito napagdesisyonang mas gusto nitong ma-penetrante pa ang Hollywood, at iwan siya.

Apat na buwan na simula nang pormal itong makipaghiwalay sa kanya pagkatapos niyang ayawan ang kagustuhan ng babaeng samahan ito sa pag-alis ng bansa at doon na rin manirahan sa California. Ayon kay Lauren, mas matimbang dito ang kagustuhang makilala internationally. Four months ago, she flew to the land of milk and honey. Leaving him crushed, hurt, and miserable.

But not for long. He's been over her, and moving on. That was, until Lauren began mentioning him in her *Twitter*, *Facebook* and blog posts. Tila nagpapansin lang ang babae, at palalampasin na sana niya iyon kung hindi lamang dumarami ang nakikisawsaw at tila smug pa ang babae. Naiinis siya dahil nananahimik siya ay kinakaladkad pa ni Lauren ang pangalan niya at pinagmumukha pang masama.

“Anyone can be an ‘ultimate It girl’. I’ll show her that. Masyado siyang mataas,” pahayag ni Atom.

“Tigilan mo na iyan, Bro. Saan ka hahanap ng ‘ultimate It girl’ mo? Few can equal Lauren’s caliber,” wika ni Gerard.

“Mark my word, gentlemen. Anyone can be

the new ‘ultimate It girl’. In six months’ time, I can turn anyone, even the most hopeless-looking one, into somebody that will make people forget about Lauren Ortiz. Ang yabang niyang sabihin na hindi siya makakalimutan ng mga tao dahil tiyak daw na regular siyang mag-a-update sa *Twitter*, *Facebook* at blog niya. I didn’t even know she actually value her title that much.” Luminga siya sa paligid, naghahanap ng magiging puwedeng gawing example sa mga kaibigang walang bilib sa kanya.

Nagkatinginan ang dalawang kaibigan niya at umiling-iling ang mga ito.

“Tara na.” Inilabas ni Ryder ang susi ng kotse nito.

Tinitigan ni Atom ang mga kaibigan. “I have moved on. Hahanap ako ng puwedeng ipalit sa pesteng ‘ultimate It girl’ throne na iyan, na mahal na mahal ng Lauren na iyon.” Napailing siya. “Someone who could be revolutionary, iyong tipong titingalain hindi lang ng mga social climbers at fashion victims kundi maging ng mga taong nag-iisip talaga.”

“Saan at paano ka hahanap noon?” tanong ni Gerard.

“Dito sa XYZ. I’m sure there must be someone in

their roster na maganda, talented at may potensyal na makilala.” Sinimulan niyang maglakad pabalik sa music club nang may mahagip ang kanyang tingin.

Sa isang bench sa tabi ng lamp post ay nakasandal at tila malapit nang bumagsak sa lupa ang isang babaeng malamang ay naparami ang nainom. Puting t-shirt na nakapaloob sa nakabukas na checkered long-sleeved polo, faded jeans at sneakers na mukhang nalublob sa putik ang suot nito. Magulo ang hanggang balikat na buhok nitong may side bangs at may kaputian ang balat na medyo namumula. Hindi maayos ang pagkakasabit ng gray messenger bag nito sa balikat, at kaunting galaw na lang siguro ay malalaglag na rin sa tabi nito ang violin na hindi pa maayos na naisasara ang zipper ng case.

She looked totally wasted. Tinawag niya ang dalawang kaibigan palapit. “I think I just found my new ‘ultimate It girl’. Tingnan n’yo iyan,” turo niya sa babaeng nang mga sandaling iyon ay ikinakapa ang kamay sa poste at sinusubukan marahil kung makakatayo ito.

“Hey, it’s Violin Girl!” bulalas ni Gerard na lalapit na sana sa babae upang tulungan marahil ito ngunit pinigilan lang ni Atom.

“Kilala mo?” tanong niya sa kaibigan.

“Siya iyong violinist at composer n’ung kantang nilalait mo kanina,” imporma ni Ryder na lalapit din sana sa babae, ngunit mabilis na hinagip niya ang braso nito. “Geez, for someone so wasted, you have quite an iron grip.”

“Ano ba kasi’ng gagawin n’yo?” tanong niya sa dalawa.

“Hindi mo ba nakikitang lasing iyan? Pagkatapos, puro ‘ultimate It girl’ pa ang nasa isip mo,” nailing na sabi ni Ryder.

“Thatid na lang natin sa loob at baka kilala siya nina Maybelle. Sila muna ang bahala,” tukoy ni Gerard sa head ng staff ng XYZ.

“No, she is going to be my new ‘It girl’. Ako ang bahala sa kanya,” mariing deklarara ni Atom. “Six months and she will be the new talk of the town. Ano’ng pusta ninyo?”

“This is ridiculous,” nailing na wika ni Ryder.

“Six months and you’ll turn her into an ‘It girl’, and we’ll both get engaged within the year,” malakas na sabi ni Gerard, pigil ang tawa.

“Deal. Kapag hindi ko siya napasikat within six months, you’ll each get an *Amanpulo* vacation for a

week. Otherwise, you both are getting hitched, within the year,” matapang na sabi niya sa dalawa. Alam niyang parehong walang steady girlfriend ang mga kaibigan at allergic sa commitment.

“Forget it, kalokohan lang iyan,” ani Ryder bago nagtangkang lapitan uli ang babae, ngunit muli niya itong hinagip sa braso.

“She’s mine, Bro.”

Tumaas ang kilay nito. “You’re officially insane, Atom.”

“I’m dead serious. Deal? I’ll call Ava to draft a contract right away,” aniya na ang tinutukoy ay ang kapatid na abogada.

“Langya...” napapalatak na pakli ni Gerard. “Isinasama na si Ava sa usapan. Seryoso na ito, Bro.”

Ryder took a deep breath. “All right. We will agree for now. But we will talk about this tomorrow. Sigurado akong magbabago ka ng isip.”

Tiningnan lang niya nang mataman ang kaibigan bago siya na mismo ang lumapit sa babae.

“Here’s your contract. I made four copies at

napirmahan ko na iyan.” Nakangiting iniabot ni Ava sa kanya ang isang folder. Bihis na ito at handa na sa pagpasok sa trabaho bilang court clerk sa *Supreme Court*. Napatingin ito sa malaking leather couch niya. “Bakit sa couch mo pinatulog?” salubong ang mga kilay na tanong nito.

Kinuha ni Atom ang folder at dumerecho sa malawak na living area ng kanyang condo unit sa isang mid-rise apartment complex sa San Juan. Sa katabing building lang nakatira ang kapatid niya kasama ang pinsan nilang si Janis.

“Pagod na ako para ayusin pa iyong guest room. At nahihiya na rin ako kay Janis na utusan pang maglagay ng fresh sheets at beddings doon. Halos tulog na nga habang tinutulungan siyang magpalit ng damit.” Itinuro niya ang babaeng natutulog nang padapa sa sofa. Suot nito ang isang striped drawstring pajama bottom at puting undershirt niya. Nakayakap ito sa isang unan at nagkasala-salabat na rin ang kumot sa mga binti nito. Nakaawang pa ang bibig nito habang natutulog.

Minasdan ito ng kapatid niya, napapangiti. “In fairness, she’s quite pretty. May ilalaban sa trying hard mong ex.” Ava never liked Lauren. “Alam mo ba kung ilang taon na ito? Baka minor pa ito, makasuhan ka

pa.”

“I checked her IDs. December 18, 1986 ang birthdate niya. Definitely not a minor,” sagot ni Atom. Sa mga IDs ng babae rin niya nalaman na Andromeda Tenorio ang pangalan nito.

“Woohoo! Panis si Lauren, na same age lang pero mukha nang nasa mid-thirties.” May iniabot muli si Ava, isang plastic bag iyon ng *Avon*. “Baka maisipang maligo at walang pamalit. Kinuha ko sa receptionist namin sa building na suma-sideline niyan. Mabuti at may dalang stock.”

Sinilip ni Atom ang laman ng plastic at kaagad din iyong tinantanan. Inside were women’s underwear. “Okay, thanks.” Tiningnan niyang muli ang natutulog na babae. Hindi niya alam kung paano uumpisahan eksakto ang pagme-makeover dito. Wala siyang kaalam-alam sa bagay na iyon. Isa pa ay iniisip din niya kung papayag ito sa plano niya, lalo pa at alam nitong nilait-lait niya ang komposisyon nito.

“Well, Kuya, I’ll leave you with your new ‘It girl’ at male-late na ako.” Humalik sa pisngi niya ang kapatid. “Bye, Andromeda!” baling nito sa babaeng tulog bago patakbong tinungo na ang pinto.

Kasabay ng pagsasara ng pinto ay ang biglang

Playing With Fire - Sachi Bliss

paggalaw ng pigurang nasa sofa. The woman stretched her arms and promptly hit one of them on the low table in front of her. Napuruhan yata ito sa kamay. “Aray! Shit!”

Napangiwi si Atom sa narinig. Making the new ‘It girl’ was going to be a lot of work.

2

Narinig ni Romee ang tunog ng pintong kasasara pa lang. Gigising na ba siya? Malamig at ang sarap pang matulog. Nag-inat siya at kaagad na napamura sa sakit dahil tumama ang kaliwang kamay niya sa kung anong matigas na bagay. Napadilat siya, at mabagal na bumangon habang hinihimas ang nasaktang kamay. Noon niya napansing wala siya sa sariling kuwarto, at hindi pamilyar ang kinaroroonan niya.

Sa isang malaki, malambot at mabangong L-shaped couch pala siya nakatulog. Kaharap niyon ang isang mababang mesa na gawa sa salamin at cherrywood. Isang candy dispenser ng *M&M's* ang magkatabi sa gitna niyon. Sa kaliwa niya ay may loveseat, at sa likod niyon ay bay window na nalalatagan ng rug at may ilang throw pillows din. Doon nakapatong ang violin niya.

Nasaan ako?

“Let me check your hand.”

Napapitlag siya nang marinig ang nagsalita. The voice sounded familiar. Naupo sa harap niya ang isang lalaking mas maganda pa sa umaga. Nakasuot

ito ng long-sleeved polo na light pink at katerno ang pantalon na hindi niya maintindihan kung dark gray lang ba o black na. Fresh na fresh ang hitsura nito at mukhang bagong ligo. Nangungunot ang noo ng lalaki habang nakatingin sa kanya.

“You!” turo niya rito. “Ikaw ’yung nanlait sa kanta ko kagabi na dahilan kung bakit ginusto kong lumaklak ng nakalalasing na iced tea, na ewan kung bakit ipinamimigay ng waiter kagabi!” Everything now came back to her in a flash.

“Bakit ko magiging kasalanan kung pag-inom ang paraan mo para mai-release ang asar mo? You could have just punched me,” sagot nito at inabot ang kamay niya. “Not when your hand is injured, though.”

Napanganga si Romee. What on earth was she doing in his place, anyway? “Bakit ako nandito?”

Nag-angat ito ng tingin mula sa pag-iinspeksyon ng kamay niya. “Nakita ka naming wala sa maayos na kondisyon sa labas ng XYZ. Mukhang napuruhan ka ng Long Island iced tea. And then you passed out in my car.” Hinilut-hilot nito ang kamay niya.

“Tama na, hindi na masakit.” Sinubukan ni Romee na hilahin ang kaliwang kamay mula rito, ngunit tiningnan lang siya ng kausap. Noon niya

napansing iba na ang suot niyang damit, kinapaka-kapa niya ang sarili at nanlaki ang mga mata nang madiskubreng naka-unhook ang bra niya sa likod. “A-ano’ng ginawa mo sa akin?”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Huwag kang mag-alala, I don’t like fooling around with a drunk woman. Pinsan kong babae ang nagbihis sa iyo.” Then he smiled mischievously. “As for why your bra was unhooked, malalaman mo mamaya.”

Namula siya at hindi maiwasang kabahan. “Nasaan ang mga damit ko?”

“Pinalabhan ko sa laundromat sa ibaba, pati ang sneakers mo. Naputikan.” Maingat na binitiwang ng lalaki ang kamay niya. “Mamaya lang siguro iaakyat na iyon dito. You will have to stay here a few more hours, may pag-uusapan tayo.” Tumayo ito at pagkatapos ay iniabot ang kamay sa kanya. “I am Atom Caceres, by the way.”

Tinanggap niya ang pakikipagkamay nito. “Romee Tenorio.” Nagulat siya nang higpitan nito ang hawak sa kamay niya at hilahin siya patayo. Muntik na siyang bumangga sa balikat nito.

Bahagya itong natawa. “I’m sorry, Romee.”

Napatingala siya rito. Hindi katangkaran si Atom,

and she didn't have to strain much to see those hazel eyes, now seemingly twinkling as he gazed down at her. "Okay lang," sagot niya, halos pabulong. Para siyang mauubusan ng hininga, ang lapit kasi nito at ang bango...

"You go fix yourself first... Use my room, CR is on the left side," nakangiting sabi nito, sabay turo sa maliit na hallway. "Ihahanda ko lang ang breakfast."

Tahimik na sumunod si Romee. Pumasok siya sa banyo at mabilisang ginawa ang morning ritual niya bago lumabas na uli at dumerecho sa kusina. Naabutan niyang naglalagay ng pinggan sa mesa si Atom.

"Kain na. Hindi ba masakit o mabigat man lang ang ulo mo?" wika nito nang mapansin siya.

Naupo na si Romee. "Medyo mabigat ang pakiramdam pero tolerable. Buwisit kasing iced tea kuno iyon, ang tapang pala."

"Tatlong klase ng alcohol na pinaghalo iyon, pampalasing talaga." Ipinagsalin siya nito ng kape sa mug at itinulak palapit sa kanya ang lalagyan ng cream at sugar. "Ang s'abi mo ibinigay lang iyon ng waiter? Those actually came from me. I ordered one round at pinapatigil ako ng kaibigan ko sa pag-inom,

kaya inutusan niya 'yung waiter na ipamigay na.”

Tiningnan niya ito nang masama. “Ikaw iyong ungas na lumait sa kanta ko at sa iyo din galing ang pesteng iced tea na iyon? May galit ka sa akin?” tanong ni Romee bago kinagatan nang malaki ang nakahandang sandwich.

He watched her with interest. “I didn’t know the waiter would give them to you, and about your song, I’m sorry.” He took a deep breath. “Ang totoo, nagpe-play pa din sa utak ko 'yung kanta mo hanggang ngayon. I actually think it’s brilliant and well-written, but the words hit home at a time I was so pissed off and hurting. ”Tapos, nakainom ako.”

“At dahil sapul ka sa lyrics ko, nilait mo na?” Lumagok siya ng kape. Noon niya naramdamang gutom na pala siya. Nakita niyang may suot na relo si Atom. Hinagip niya ang braso nito at tiningnan ang oras. “Magna-nine na pala. Kailangan ko nang umalis pagkakain.”

Amused na napangiti ang binata. “You can just ask me for the time. And no, you cannot leave yet until I say so.”

Tiningnan lang niya ito. “You can also just tell me what you think of my song last night instead

of broadcasting it to the entire XYZ crowd.” Nakita niyang nagulat ito sa narinig. “At aalis ako kung gusto ko. Kung naghihintay ka ng thank you, well, thank you ulit. But you don’t have the right to detain me.” Muli siyang kumagat sa sandwich.

“You speak good English.”

“Official language din ng bansa natin ang English. English din ang karamihan sa mga kantang sinulat ko, kasama na ’yung nilait mo. Ano’ng nakakagulat d’on?”

“Nakatapos ka ba ng college? Saan? Anong course?” sa halip ay tanong nito, once more looking at her with interest.

“I was a music scholar at *UST*, pero hindi ko natapos,” malungkot na sabi niya. “Pero nakatapos naman ako ng two-year IT course n’ung kaya ko nang paaralin uli ang sarili ko.”

“Cool. That’s really good to hear,” sagot ng kausap, tila natutuwa talaga sa sagot niya. “May day job ka?”

Interview portion ba ito? “Marami. Freelance researcher at content editor sa kung saan-saan, may contract din akong maging personal na tagapagturo ng pagtugtog ng piano at guitar ng isang kliyente

sa loob ng isang taon at once or twice a week, tumutugtog ako sa QLP.”

“How come you do not have a regular office job?”

She sighed. “Nadala na ako. Puro manyak ang mga naging superior ko sa tatlong kompanyang napasukan ko. Isa pa, simula nang magkasakit ang nanay ko dati, hindi ko na siya maiwan kahit noong gumaling na siya. Almost two years na rin akong freelancer at nakakaraos naman.” Tiningnan niya ito nang mataman. “Paraan mo ba ito para makalimutan ko ang ginawa mong panlalait sa kanta ko kagabi?”

“No, not really. gusto ko lang talagang malaman.” Ngumiti ito. “Like I said, I was tipsy and irrational last night, sorry ulit sa mga nasabi ko sa kanta mo. You’re a very talented musician and songwriter, have you ever thought of making it big in the scene?”

Umiling siya. “Gusto ko lang maraming makarinig ng kanta ko.”

Tumango ang lalaki. “I have a proposition for you. I can make that happen. Okay lang ba sa iyong mag-umpisa bilang theme song para sa mga dubbed Asianovelas ng ZMS ang mga kanta mo? We have a great line-up this year na sinisimulan pa lang ang translations at dubbing.” Napangiti ito nang makita

marahil ang pagtaas ng kilay niya. “I work there. Program manager ako doon and producer din sa ilang shows.”

Napakurap si Romee. The big break she’s been waiting for, finally being handed to her in a silver platter? “Okay na okay! Ayos ka palang bumawi, eh!” Napapalampak si Romee. “Lagi akong may dalang copy ng CD compilations ng mga kanta ko. Rough mix nga lang pero malinis naman ang pagka-record.”

“Cool!” Nagliwanag ang magagandang mata ni Atom. “Give me a copy later.” Tumayo ito at may kinuhang envelope mula sa counter. “May kapalit nga lang iyon. That’s why I said you can’t leave yet. Mag-uusap pa tayo.”

“Hindi mo ako babayaran sa mga kanta ko?” Nagsalubong ang mga kilay nya.

“You will be duly compensated for those, silly.” Pinisil ng binata ang baba niya. “Pero may iba kasi akong dahilan kung bakit iniuwi kita dito. Gusto kong makasiguro na papayag ka sa gusto ko.”

Naningkit ang mga mata ni Romee. “Ano’ng gusto mong mangyari?”

Tiningnan siya nito. “Last night you were so...” He eyed her with much curiosity now. “Wala ka

talagang naaalalang iba pa kagabi? O sa nagdaang siyam na oras for that matter?”

Kinabahan si Romee, nabitin ang pagkagat niya sana sa sandwich. “May dapat ba akong maalala na importante?” Bakit ganoon siya tingnan ng kaharap? May nangyari ba? Pero kung mayroon, mararamdaman niya iyon! She felt herself blush at the thought.

“You can’t remember anything that happened in the car on the way here? Pati n’ung narito na tayo?” muling tanong ng lalaki.

“In the car?” *What happened in the car?* “At dito?”

“May CCTV pa mandin sa sala...” dagdag pa ni Atom. “Gusto mo bang makita ang video para maalala mo?”

“Video ng alin?” Parang magha-hyperventilate na ang dalaga. Ano ba ang mga pinaggagawa niya nang nagdaang gabi? “Atom, utang-na-loob, ano ang nangyari?”

He smiled mischievously. “You said last night you feel so hot you wanted me to—”

“Huwag!” Itinakip ni Romee ang mga kamay sa magkabilang tainga. “Huwag mo nang ituloy,

please! Wala akong maalala at ayoko na rin sigurong alalahanin.”

“Why not? I thought what happened was rather... unforgettable.” Inilapit nito ang mukha sa kanya. “I’m rather insulted you can’t remember.”

Napaatras siya. She could feel his warm, sweet breath on her face. “I was drunk...”

“Natatakot kang malaman ni Eli?” Tumaas ang isang kilay nito.

“Pinakialaman mo ang cellphone ko?” Naihampas niya ang kamay sa mesa.

“Ilang beses siyang tumawag simula kanina pang six. Nag-text ako, bilang ikaw, na masakit pa ang ulo mo at inaantok kaya mamaya na lang kayo mag-usap.” He pushed her plate toward her. “Kumain ka pa.”

Hindi niya pinansin ang plato. “Well, thanks, and no, if you’re somehow wondering if he is my boyfriend, no,” she sighed.

“Nag-reply din ako sa nanay mo, na nag-text at tinatanong kung anong oras ka natulog at huwag mo daw kalilimutang mag-almusal. Sinabi kong nakitulog ka sa isang kaibigan, that you slept at one in

the morning and you'll definitely not skip breakfast." He glared at her. "Kaya kumain ka pa."

"Pagkatapos mong guluhin ang utak ko sa kung ano'ng nangyari kagabi, sa tingin mo makakakain pa ako?" Iningusan niya ito.

"Kaya nga kung gusto mo ng peace of mind, papayag ka sa gusto ko, in exchange for your song getting airplay." His eyes looked at her as if they're making a million promises. "What do you think?"

"What do you want?" tanong ng dalaga. Mukhang bumibigat yata lalo ang ulo niya.

"You," seryosong sagot ni Atom.

"What about me?" Nasapo niya ang ulo. "Kung anuman ang ginawa ko kagabi, please, kalimutan mo na. Nakainom ako, wala ako sa huwisyo, at ni hindi ko nga maalala ngayon ang mga nangyari..."

"Walang kinalaman sa nangyari kagabi ang dahilan kung bakit sinabi kong ikaw ang gusto ko." Tumayo ito at kinuha mula sa counter ang isang folder. Iniabot nito iyon sa kanya. "There's no hanky-panky involved in whatever I want from you. Here."

"Ano ito?" Sinimulan niyang basahin ang nilalaman niyon.

“Read before you complain, or ask anything.”
Tumabi si Atom sa kanya at bumulong, “Remember, you have no choice but to say yes.”

Where am I? Nagmulat ng mga mata si Romee bago pilit umayos ng upo. Iginala niya ang tingin sa paligid. Hindi pamilyar ang lugar na iyon sa kanya. Nasa sala siya ng isang marangyang bahay. Kaninong bahay? At bakit ang init-init ng pakiramdam niya? She wiped her sweaty forehead with the back of her hand, bago siya yumuko upang hubarin sana ang sapatos at medyas, ngunit pagtingin niya ay wala na ang mga iyon. Huh?

Napapailing na hinubad na lang niya ang kanyang polo kasunod ang t-shirt. Wala bang electric fan dito? Inabot niya ang hook ng kanyang bra sa likod nang may nagsalita mula kung saan.

“What the hell are you doing?”

Isang matangkad na lalaki ang palapit sa kanya. Nakasuot ito ng pajama bottom at walang pang-itaas. May bitbit itong mga nakatiklop na damit na kaagad nitong inihagis sa mesa bago siya nilapitan. Hinawakan nito ang kamay niyang umaabot sa hook ng kanyang bra. “Bakit ka ba naghubad?” natatarantang tanong

nito.

“Ang init, eh,” reklamo niya bago muling inabot ang hook, ngunit muli ay nahawakan ng lalaki ang kamay niya. Halos nakayakap na ito sa kanya. He smelled good. Kahit mainit ay gusto niya ang pakiramdam na magkadikit ang halos hubad nilang mga katawan. Ang isang kamay nito ay may inabot na kung ano sa mesa. Tila remote control iyon. May narinig siyang mahinanag click kasunod ang paglamig ng temperatura.

“There. Okay na?” tanong nito bago napatingin sa kanya. That’s when she saw what he looked like. Mapupungay ang mata nitong hindi niya mawari ang kulay. Almost everything about the man’s face looked sharp—from his well-toned body to his jawline and chin to his aristocratic nose. Ang tanging mukhang malambot lamang dito ay ang mga matang tila nangungusap. And his lips... they weren’t the pillowy, pouty kind but looked luscious nonetheless. Hindi na niya napigilan ang sariling i-trace iyon gamit ang daliri, sa panggigilalas ng lalaki.

Ngunit wala itong sinabi, nanatili itong nakatingin sa kanya. Nanatili ring nakasapo ang isang kamay nito sa likod niya kahit na wala na roon ang kamay niya kundi nakahawak na sa balikat nito.

Playing With Fire - Sachi Bliss

Who was this man? At bakit gayon na lamang ang kagustuhan niyang damhin ang bawat bahagi nitong naka-expose sa kanya? Inalis niya ang daliri sa mga labi nito bago ipinalit doon ang mga labi niya. Hmm... good. Pero bakit tila lumalayo ang lalaki sa kanya?

“Uh... Miss, I think we—”

Bago pa nito naituloy ang sasabihin ay muli na niya itong nahagkan. His lips felt good against hers. Kontento na sana si Romee sa padampi-damping paghalik dito nang maramdaman niyang umakyat ang kamay ng estranghero upang sapuhin ang kanyang ulo. He then kissed her. Hard. Her heart jumped. The kiss was awakening sensations within her, and was making her want more. Mahigpit siyang kumapit sa mga balikat nito habang iginiya siya nito pasandal sa armrest ng couch. She arched and pressed her body as his one hand caressed her bare back.

Parang lalong uminit ang pakiramdam niya, pero bale-wala na iyon. Ang gusto lang niya ay ang magpatuloy ang nagaganap nang mga sandaling iyon. But who was this beautiful man?

Pero mukhang hindi matutupad ang gusto niya dahil mula sa kung saan ay may narinig siyang tumili.

3

Atom had no intention of ever mentioning what happened in the car on their way and once they got inside his condo unit. Ngunit wala na siyang ibang maisip na dahilan para agarang makumbinsi at mapapayag si Romee sa plano niya. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na gagamit siya ng blackmail upang makuha ang gusto niya, because he was desperate.

“Blackmail ang tawag dito sa ginagawa mo, alam mo ba iyon?” Romee’s voice broke into his thoughts. Noon ay nagda-drive siya sa kahabaan ng San Miguel Avenue, patungo sa opisina ng pinsan niyang stylist na si Janis.

Napasulyap siya sa katabi. She looked so fresh and sexy with her hair still damp and clinging to her face. Napahinga siya nang malalim.

Christ! Itinutok ni Atom ang atensyon sa pagmamaneho. Ngunit hindi pa rin siya tuluyang maka-concentrate. With her sitting beside him now, he couldn’t help thinking about last night.

“Gagamitin mo lang ako para makaganti sa ex

mo. Eh, pareho lang naman ang magiging kapalaran namin, walang kasiguruhan.” He heard her sigh. “How sure are you na tatanggapin ako ng mga tao gaya ng pagtanggap nila sa ex mo? Magkaibang-magkaiba kami...”

“Iyon mismo ang dahilan kung bakit tatanggapin ka ng publiko, dahil hindi ikaw si Lauren. Walang mag-aakusa sa iyo na trying hard kang maging kagaya niya,” sagot ni Atom.

“Nakikinig ka pala.” Tiningnan siya ng babae.

“Naririnig kong lahat ang sinasabi mo, kaya alam kong kanina mo pa sinusubukang umapela sa konsyensya ko.” Sinulyapan niya ito. “I’m sorry but I’ve made up my mind.”

“Paano kung hindi talaga ako pumayag? Paano kung bale-wala sa akin na may video evidence ka ng nangyari kagabi?” hamon ni Romee, “Malay ko ba kung set-up mo lang iyon?”

“Witness ko ang pinsan ko na imi-meet natin ngayon.”

“Tinakot mo ba siya? Kinasabwat kapalit ang—”

“Janis is the most incorruptible person I know.” Napailing siya. “The most stubborn, too.”

“Then hindi siya papayag na i-blackmail mo ako nang ganito kapalit ng pagsang-ayon ko sa plano mo, right?”

“Wrong. I told her you’re a girl I’m trying to pursue. At dahil isa din siyang dakilang hopeless romantic, naniwala naman.” Napangiti si Atom nang maalala ang wistful expression sa mukha ng pinsan. Gaya ng kapatid niya ay ayaw rin nito kay Lauren.

“Hindi man lang niya inisip na baka on the rebound ka lang?”

“My sister and my cousin would rather push me on the rebound than keep pining for my ex.” Binagalan niya ang takbo habang paliko sa isang kanto. “Hindi mo naman kailangang ibigay ang sagot mo ngayon. Bibigyan kita ng hanggang bukas ng gabi.”

Napailing lang ang babae. “Hindi ko pinangarap na maging celebrity, Atom. Hindi ba puwedeng iba na lang? Puwede akong maging PA mo, o tagalinis ng bahay mo...”

“Just consider it, Romee.” He reached out and touched her arm. “Please...” Tumingin siya sa gawi nito upang makita lamang na napukaw na ng kung ano ang atensyon ng babae.

May tinitingnan ang dalaga sa di-kalayuan.

Panay ang kurap ng mga mata nitong tila nagpipigil ng luha bago huminga nang malalim.

“Romee?” may pag-aalalang tawag niya rito. Hindi siya pinansin ang babae. “Hindi ko naman intensyong i-blackmail ka, wala din akong balak na maglabas ng video sakaling hindi ka pumayag, pero nakikiusap ako...” wika ni Atom. *Geez!*

Ano ba kasi ang nangyayari sa kanya? Siya rin mismo ay hindi makapaniwalang makakaya niyang makapagdesisyon nang ganoon sa loob lamang ng ilang oras. He was never impulsive. He never gambled, nor made bets with anybody. And now this? All because of a woman, who happened to have just broken his heart, trampled on his ego and was now trying to ruin his reputation.

Ayaw na ayaw pa naman niyang makakakita ng babaeng malungkot o umiiyak.

“Tatay ko iyon...” mayamaya ay sabi ni Romee.

Huh? Sinundan niya kung saan ito nakatingin. Nakita niya ang isang payat na matandang lalaki, marahil ay nasa early to mid-sixties na ang edad. Maputi na ang lahat ng buhok nito, ngunit maayos pa naman ang posture. May dala itong malaking wicker basket sa isang kamay at may nakasabit na

freezer bag sa isang balikat. Nakasuot ito ng puting kamiseta, moss green cargo shorts at sandals na mukhang luma na. Paakyat ito sa hagdanang bato patungo sa entrance ng isang four-storey building na pag-aari ng isang universal bank.

Tatay ni Romee iyon? Gusto niyang tanungin ang katabi kung ano ang mayroon at ganoon ang hitsura nito, malungkot at tila malapit nang maiyak. Ngunit engrossed ang dalaga sa panonood sa matanda. Inihinto na tuloy niya ang sasakyan sa side parking slot bagaman hindi niya pinatay ang makina.

Nakita niyang kinakausap ng matanda ang guard sa building na mayamaya lang ay pinapasok na ito. Paglabas nito ay nakipagkamay ito sa guwardya, na sumaludo lang sa matanda. Bumaba na ito ng hagdanan pagkatapos ay nagpatuloy sa paglalakad. Muli itong nagtungo sa entrance ng isa pang building at kinausap ang guard at receptionist doon. Muli ay pumasok sandali sa opisina ang matanda bago umalis uli.

“What is he doing?” hindi na makatiis na tanong niya.

“Nagtitinda ng mga nakabalot nang pang-lunch o merienda. Nagtatanong na rin siya kung may trabahong maibibigay sa kanya. Kahit na pang-

isang araw o temporary lang, basta trabaho na mababayaran siya kahit medyo below minimum,” imporma ng dalaga.

“Halos araw-araw niyang ginagawa iyan. He used to be a systems analyst for a shipping company, pero wala siyang nakuhang benefits noong mag-retire dahil hindi pala nagre-remit sa SSS ang kompanya. Hindi na namin nahabol dahil wala kaming pera para asikasuhin iyon, pagkatapos nagkasakit pa siya at naospital. Malaki ang gastos na kinailangan naming isangla ang bahay dahil doon. That was seven years ago, and thankfully, nababayaran naman namin uli ang bahay kahit pakonti-konti.

“Ayoko na sanang magtrabaho siya. But he wanted to help, and so for the past two years, ginagawa niya iyan. Gigising nang maaga na saktong pamasaha lang ang dala, para humanap ng trabaho. Kahit janitor o messenger for a day lang.” Suminghot ang dalaga bago marahas na pinahid ng likod ng kamay ang sumungaw na luha. “Sorry... si Tatay kasi, eh.” Tumingin ito sa kanya. “Pasensya na.”

Minasdan ni Atom ang katabi. Pati na ang matandang ngayon ay nakalampas na sa kinaroroonan nila at naghihintay lang na makatawid sa kabilang kanto. Kinuha niya ang cellphone, binuksan ang pinto

ng kotse at nagpaalam kay Romee.

“Wait here.”

Takang napatango lang si Romee at sinundan ng tingin si Atom habang naglalakad ito sa labas at may kausap sa cellphone. Hindi siya makapaniwalang naiyak siya sa mismong harapan nito samantalang kanina lang ay napakatatag ng resolve niya at tigas sa pagtangga sa gusto nitong mangyari. Hindi niya alam kung maaasar o matatawa sa proposisyon nito.

Nakakatawa dahil gusto nitong maging fairy godmother... no, godfather pala... at gawin siyang ‘It girl’ sa loob ng six months, in exchange for her songs getting exposure. At ginamit pa nito ang video ng pinaggagawa niya habang lasing siya bilang pam-blackmail. What a brat! All for getting back at his ex! Wala siyang planong magpagamit sa anumang plano nito.

Ngunit nang makita niya ang amang naglalako na naman sa kahabaan ng Ortigas at naghahanap ng trabaho, hindi niya mapigilang manlumo. It was one thing to know about what he’s been trying to do for the past two years, but it’s another when she actually saw it with her own eyes. Gustong madurog ng puso

ni Romee sa nakikita.

Mula sa heavily tinted na bintana ng *Toyota Camry* ni Atom ay pinanood niya ang nagaganap sa labas. Tapos nang makipag-usap sa kung sino sa cellphone nito ang binata at ngayon ay kausap na ang kanyang ama. May ipinakita itong mga IDs at may ibinigay na kung ano sa tatay niya. Mayamaya lang ay may pinarang taxi si Atom. Kinausap nito ang driver at binayaran na ito, tila nagbigay ng kung anong instructions bago pinasakay roon ang kanyang ama. Nang makaalis ang taxi ay nagbalik na ito sa sasakyan habang muling may kausap sa cellphone.

Tinapos nito ang tawag bago binuksan ang pinto. Nang makaupo ito ay hindi niya matiis na magtanong. “Saan papunta si Tatay?”

“Sa *ZMS-8*. May bago kaming lifestyle cable channel at hindi pa naayos ang office systems, ni wala pa kaming staff. Next month pa sana namin planong magpa-advertise pero ang s’abi ng kaibigan kong hahawak sa bagong channel, mas okay daw sigurong simulan na nang mas maaga ang ilang detalye sa opisina. Kaya ayun, papunta na ang tatay mo at kakausapin ni Ryder, iyong magiging overall chairman doon. Ibinilin ko na siya sa guard at baka by next week, mag-uumpisa na siya sa trabaho,” sagot

nitong derecho ang tingin sa daan. “Sana magustuhan niya sa *ZMS*.”

Hindi siya makapaniwala sa narinig. Hindi niya iyon inaasahan.

“And don’t worry, hindi ako hihingi ng kapalit para doon.” He sighed. “In fact, just forget about my offer. Kalimutan mo na ang kontrata. It was such a silly idea in the first place.”

Romee took a deep breath, then reached for his arm. Bigla na lamang ang pagbabago ng desisyon ng kausap.

Kung kayang tiisin ng tatay niya ang napakaraming rejections araw-araw para lang makakuha ng trabahong ni hindi sigurado kung mababayaran ito nang maayos, sino siya para magreklamo sa posibilidad na masabak sa magulo at maintrigang mundo ng pagiging celebrity? Kapalit naman niyon ang katuparan ng isa sa mga pangarap niya.

“Payag na ako.”

“I mean, you’re right. I will just be...” Biglang napatingin sa kanya si Atom. “What?”

“Pumapayag na ako, sa lahat ng nakalagay sa kontratang ipinabasa mo kanina.” Kinuha ni Romee

ang folder na nasa backseat lang. “Pipirmahan ko na.”

“Kung dahil ito sa ginawa ko sa iyong ama, huwag mong isipin iyon. I honestly think, based from our conversation earlier that...”

“I want to be the next ‘It girl’... a much more deserving one than Lauren Ortiz could ever be.” Tinaasan niya ito ng kilay bago pinirmahan ang kontrata. “Kung kinaya ng tatay ko ang araw-araw na rejections, kakayanin ko din ang intriga at criticism. I’m my father’s daughter, after all. Hindi ko dapat pinapalampas ang ganitong oportunidad.”

Mataman siya nitong tiningnan. “You have to be sure, Romee.”

Itinaas niya ang hawak na mga papel. “Eto na, pinirmahan ko na nga, di ba?”

Atom watched in fascination as Romee was being fussed over by his cousin Janis, who was a stylist for a women’s magazine, along with a makeup artist and hairstylist. Tila asiwa naman ang babae sa mga ginagawa rito. Halatang hindi sanay sa ganoong klase ng atensyon.

“Pakiramdam ko, isa akong bagong recruit

na virgin na inihahanda sa harem ng prinsipe,” natatawang sabi nito habang nakaupo sa isang high-backed chair at iniinspeksyon ng hairstylist na si Primang buhok.

“Bakit, virgin ka ba?” pabirong tanong ng nagme-make up dito na si Armani.

“Secret.” She smiled mysteriously.

Napanganga ang binata sa paraan ng pagkakangiti ng babae. Romee’s face was heart-shaped, her cheeks were slightly plump. May pagka-babyface ito at singkit na mga mata. Ngunit kapag ngumingiti ito na parang si *Mona Lisa*, nawawala ang pagiging inosente ng features nito. She actually managed to look like an expert seductress with just one smile.

“Sabagay, si Papa Atom ang makakaalam kung— ouch! Aray naman, sister!” Napagibik ang bading na makeup artist nang tamaan ng kamao ni Romee ang balikat nito.

Namumula ang dalaga. “Bakit nasali si Atom sa usapan?”

“Hindi ba siya ang prince mo? Tingnan mo naman ang hitsura niya, mukhang may royal blood,” nakangising sagot ni Armani.

Sumimangot si Romee. “Tinutulungan lang niya ako. Fairy godfather iyan, hindi prinsipe. Okay, so he is a prince, but I am not his princess.” Kinuha nito ang cellphone sa bulsa at nagpipindot doon. May ipinakita ito sa mga nakapaligid dito. “Iyan, ’yan ang prinsipe ko.” It was Eli, ang model at chef sa isang chain ng exclusive cafés.

“Whoa! Sino iyan? Ang guwapo!” kinikilig na wika nina Armani at Prim. Nakiusyoso rin si Janis na nangingning ang mga mata sa nakita.

“Wala, Kuya Atom, panis ka dito sa Prince Charming ni Romee,” wika sa kanya ng pinsan.

Tinaasan lang niya ito ng kilay bago nilapitan ang mga ito at kinuha ang cellphone. The man on the photo had strong Oriental features. Marahil ay may dugong Korean o Japanese. Medyo mahaba ang buhok at may salamin sa mata. He looked like the silent, shy and brooding leading men from Asianovelas.

“Kawawa naman ang magiging anak n’yo, baka isang linya na lang ang mga mata. Parang si Pucca.” Ibinalik ni Atom kay Romee ang cellphone.

Nagtawanan sina Janis, Armani at Prim. Sinimangutan lang siya ng kanyang bagong ‘It girl’. “Walang basagan ng trip.”

“I’m just stating possibilities,” sagot niya. “Tsaka, sino ba iyan? Ganyan ba ang type mo? ’Yung katipo ng mga character na kung hindi namamatayan ay namamatay sa mga Koreanovela?”

Pinanlakihan lang siya nito ng mga mata. “Wala akong makitang mali sa tipo niya.”

He simply met her eyes. “Fine. But things are going to change from now on, Romee. Kailangan, mas discreet ka.”

“Sa madaling salita, kung may crush ka, huwag mong ipapaalam kay Kuya. Seloso iyan,” wika ni Janis, sabay tawa.

Tiningnan ni Atom nang masama ang pinsan, ngunit hindi man lang ito natinag. Noon niya naalalang ang alam nga pala nito ay gusto niya si Romee.

Ibinalik niya ang tingin sa dalaga. Nawala na ang lungkot na nakita niya rito kanina. Pati na ang kainosentihan. She now looked at him with mixed insolence and satisfaction. Na para bang sinasabi nitong, oo, pumayag nga ito sa gusto niya ngunit sisiguruhin nitong hindi sa lahat ng pagkakataon ay siya ang masusunod.

Looks like he’s about to have the longest six

months of his life.